# Social Security

## Kung Kailangan Mo Ng Interpreter

Kami ay nagbibigay ng libreng serbisyo ng pagsasalin sa ibang wika upang tulungan kayong magsagawa ng inyong transaksiyon sa Social Security. Magagamit ang mga serbisyong pagsasalin na ito kung makipag-usap kayo sa amin sa pamamagitan ng telepono o sa opisina ng Social Security.



Tawagan ang aming *toll-free* (walang bayad) numero, **1-800-772-1213**, kung Espanyol ang inyong salita pindutin ang 2, para sa lahat ng ibang wika pindutin ang 1, mamalagi sa linya at manatiling tahimik habang automatikong dinidikta ang aming Ingles na instruksiyon hanggang sumagot na ang isang representante. Ang representante ay makikipag-ugnayan sa isang tagapagsalin upang tumulong sa inyong tawag. Kung ang inyong transaksiyon ay hindi maaaring makumpleto sa pamamagitan ng telepono, gagawan namin kayo ng *appointment* sa lokal na opisina ng Social Security at aaregluhing magkaroon ng isang tagapagsalin sa panahon ng inyong pagdalaw.